REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-179

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN IGNACIO R. BUNYE NA MAKIPAG-ALAM AT PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA FAR EAST BANK AND TRUST COMPANY NA MAKAPAG-ISYU NG MUNTINLUPA MUNICIPAL SAVINGS BONDS NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYONG PISO (₱5,000,000.00) UPANG MATUSTUSAN ANG NATITIRANG GASTUSIN SA PAGPAPAGAWA NG ALABANG DIVERSION ROAD.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa Labing Isang Milyong Piso (₱11,000,000.00) na badyet para sa pagpapagawa ng Alabang Diversion Road ay Anim na Milyong Piso (₱6,000,000.00) lamang ang inilaan ng pamahalaang nasyonal at ang natitirang Limang Milyon (₱5,000,000.00) ay magmumula sa ipalalabas na Muntinlupa Municipal Savings Bonds.

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng pagpapalabas at pag-iisyu ng Municipal Savings Bonds ay mahihimok at makakakuha ng mga pribadong pondo upang matustusan ang mga proyekto ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, sa ilalim ng Local Government Code, ang pamahalaang lokal ay may karapatan na magpalabas (float) ng bonds;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng pagpapalabas ng savings bonds ay mapapabilis ang implementasyon at pagsasakatuparan ng mga mahahalagang proyektong pang-kaunlaran tulad ng mga proyektong sariling nalilikida (self-liquidating) at mararagdagan ang pagtutulungan at kooperasyon ng pamahalaan at pribadong sektor sa pagsasagawa ng mga programa ng pamahalaan;

SAPAGKAT, malaking tulong sa maliliit na nag-iimpok sa bangko kung kukuha ng savings bond dulot ng higit na malaking tubo nito kaysa ordinaryong savings deposit;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ang siyang magiging kauna-unahang bayan na gagamit ng savings bonds upang matustusan ang mga proyekto nito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na bigyan ng kapangyarihan ang Punong Bayan Ignacio R. Bunye na makipag-alam at pumasok sa isang kasunduan sa Far East Bank and Trust Company na makapag-isyu ng Muntinlupa Municipal Savings Bonds na nagkakahalaga ng Limang Milyong Piso (₱5,000,000.00) upang matustusan ang natitirang gastusin sa pagpapagawa ng Alabang Diversion Road.

PINAGTIBAY, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 146 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Marso, 1991 sa sala ng Pambayang Taga-usig.

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



(Hindi dumalo)
Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

(Hindi nakilahok )
Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pansamantalang Pambayang Kalihim

JRF/PBS/vts